

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVI Blg. 17
Setyembre 7, 2005
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Isulong ang pakikibakang masa at armadong pakikibaka para sagkaan ang pasistang pandarahas ng rehimeng Arroyo



Inaasahan ang pag-igting ng pakikibakang anti-Arroyo matapos walang pakundangang patayin ng mga alipures ng rehimen sa kongreso ang proseso ng *impeachment*. Tuluyan nang pinatay ng rehimen ang anumang pag-asang may makakamit pang katarungan sa mga prosesong parlamentaryo.

Pinakitid lamang ng mga maniobra ni Arroyo ang larangan ng labanan. Itinuro ng pinakahuling pangyayari sa kongreso na walang maasahang pagbabago o hustisya mula sa bulok na kalakaran dito at marapat lamang na sumandig ang mamamayan sa sariling lakas. Itinuturo rin nito na marapat nang dalhin sa lansangan ang laban para doon na hatulan at tuluyang patalsikin si Arroyo.

Pinangangambahan ngayon ng rehimen ang malilikhang daluyong ng mamamayang nagngangalit laban sa pagmamatigas at mga garapalang maniobra ng rehimen upang makapanatili sa poder. Kaya nakaumang na rin ang paggamit nito ng kamay na bakal upang supilin ang mga pwersang anti-Arroyo.

Noon pa mang Hulyo ay isiniwalat na ng sampung nagbitiw na myembro ng gabinete ni Arroyo na napag-uusapan na sa gabinete ang paggamit ng dahas laban sa mga kalaban ni Arroyo. Mula nang magbitiw ang sampu, dominado na ng mga militarista at berdugong tulad nina Executive Secretary Eduardo Ermita at National Security Adviser Norberto Gon-

**Mga tampok sa
isyung ito...**

**Mas malalawak
na protestang
anti-Arroyo**

PAHINA 3

**Rene Jarque,
pinarangalan ng NDFP**

PAHINA 9

**Kriminal na
pananagutan ni Bush**

PAHINA 10

zales ang gabinete ni Arroyo. Kaya ibayong tumingkad ang pagtutulak nito ng mapanupil na mga hakbangin.

Mula rin noong Hulyo ay pinagibayo nang muli ng rehimen ang pagtutulak sa Anti-Terrorism Bill. Bago ito ay pailalim nang inaprubahan ni Arroyo ang National ID System na nagpapadali sa pagmamamayan at pagkontrol sa kilos ng mamamayan.

Ang pagtahak ng rehimen sa pasistang landas ay lalo pang luminaw noong Agosto sa paggigiit ni Norberto Gonzales na isang usaping panseguridad ang walang tigil na pagtaas ng presyo ng langis. Aniya, pwede itong gamitin ng mga kalaban ng rehimen para maghasik ng destabilisasyon. Inatasan na ni Arroyo si Gonzales na paghandaan ang mga posibilidad, mula sa pinakamagaan hanggang sa pinakamabigat na banta sa kanyang paghahari. Kasabay nito, tahasan namang sinabi ni Ermita na kapag umigting na ang banta laban sa rehimeng Arroyo ay hindi ito mag-aatubili na suspindihin ang *writ of habeas corpus*, magdeklara ng *state of national emergency* o magpataw ng batas militar para

durugin ang mga pwersang nagnanais magpatalsik kay Arroyo.

Para bigyang-matwid ang pag-supil sa mga pwersang anti-Arroyo, tusong nagpakana sina Gonzales ng mga pambobomba sa Mindanao at ibinintang ang mga ito sa Abu Sayyaf. Patuloy ngayon silang nananakot hinggil sa presensya umano ng mga terorista na nagpaplano rin daw magsagawa ng mga pambobomba sa Kamaynilaan. Isinasangkalan nila ito para magdeklara ng alerto sa mga sentro ng protesta at paulit-ulit na itulak ang mga anti-teroristang panukalang batas sa kongreso. Unti-unting binubuo ng rehimen ang senaryo para sa malawakang paghahasik ng pasistang dahas at tuluyang pagpuksa sa mga kaaway nito.

Sa paggamit nito ng kamay na bakal, lalo lamang ipinakikita ng rehimen ang desperasyon nitong manatili sa poder. Taliwas sa inaakala nito, hindang-hindi makatitikim ng katahimikan at istabilidad ang rehimen sa pamamagitan ng panunupil. Lalo lamang nitong paglilinaawin ang isipan ng mamamayan hinggil sa bulok, pasista at anti-mamamayang katangian ng rehimen. Ibayo lamang nitong pag-aalabin ang


nagpupuyos nang damdamin ng mamamayan at lalong pagtitibayin ang kanilang paninindigang ibagsak na ang rehimen. Lalong magiging ligalig ang mga armadong pwersa ng estado at dadami ang mga pamamahayag at pagkilos ng mga demoralisado at disgustadong sundalo at pulis laban kay Arroyo. Ang mga panggitnang pwersang umasa hanggang sa huling hininga ng proseso ng *impeachment* na makakamtan nila ang katarungan sa pamamagitan nito ay maramihang hahanay sa mamamayang nagdadala na ng laban sa lansangan.

Dapat puspusing labanan ang anumang pagtatangkang yurakan ang mga karapatang sibil, sagkaan ang malayang paglalahad ng damdamin ng mamamayan at paggigiit nila ng karapatang patalsikin ang anumang bulok, papet at pasistang rehimen. Kailangan ding iwasan ang posibleng mga patibong ng rehimeng Arroyo sa mga ligal at demokratikong pwersa na magbibigay ng dahilan para sa marahas na panunupil ng estado sa mga pagkilos ng mamamayan. Lagi't lagi, dapat ibayong mag-ingat ang mga lider masa at iba pang prominenteng personaheng anti-Arroyo sa posibleng paggamit ng rehimen ng maruruming taktika laban sa kanila, kabilang na ang asasinasyon.

Sa kabila ng paggamit ng rehimen ng kamay na bakal, hindi kailanman mananaig ang anumang maruming anti-mamamayang hakbangin sa harap ng pinag-isang pwersa ng mamamayang matatag at militanteng naggigiit ng kanilang karapatan.

Napakainam din ang sitwasyon para sa paglulunsad ng hukbong bayan ng mga taktikal na opensiba upang parusahan at lalo pang pahinain ang rehimeng yumuyurak sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan at upang puspusang maisulong ang digmang bayan.

AB

 <p>Taon XXXVI Blg. 17 Setyembre 7, 2005</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p>www.philippinerevolution.org</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com</p>	
Nilalaman	
Editorial	1
Mas malalawak na protesta	3
Matatagumpay na opensiba ng BHB	5
Bantay Laya	6
Paglipat ni Palparan sa CL, sinalubong ng mga protesta	8
Anti-mining na pastor, pinaslang	8
Rene Jarque, pinarangalan ng NDFP	9
Sa ibayong dagat	
Kapinsalaang dulot ng Katrina, kriminal na pananagutan ni Bush	10
Cuba: Modelo ng paghahanda laban sa bagyo	11
Mga bwitreng kumpanya ng langis	12
Balita	13
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

Nakaambang sumiklab ang mas malalawak na protestang anti-Arroyo

Sa halos isang buwang pagtuktok sa masasalimuot na proseso at kaguluhan sa kongreso, saksi ang mamamayang Pilipino sa bulok at garapalang mga maniobra at panunuhol upang tuluyang patayin ang prosesong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo. Ibayo nitong ginalit ang mamamayang sawang-sawa na sa patuloy na pangungunyapit ni Arroyo sa poder sa pamamagitan ng pagpapakana ng maruruming taktika, pagtatakip sa katotohanan at panunupil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Natatransporma ngayon ang galit na ito sa isang makapangyarihang daluyong ng kilusang masa na nakaambang sumambulat bilang malakihang mga protesta sa lansangan at pag-aalsang bayan sa ilalim ng isang malawak na nagkakaisang prenteng anti-Arroyo.

Kasong *impeachment*, pinatay ng maka-Arroyong Kongreso. Pinatay ng Justice Committee ng kongreso noong Agosto 31 ang reklamong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo. Tuluyan na itong inilibing nang pagtibayin ng plenaryo ng Kongreso nitong Setyembre 6 ang ulat ng komite matapos ang halos 24 oras na deliberasyon.

Minadali ng Malakanyang na patayin ang reklamong *impeachment* noong Setyembre 6 upang iwasan ang malaking kahihyang idudulot nito kay Arroyo sa pagharap niya bilang tagapangulo ng United Nations Security Council sa Setyembre 12.

Gamit ang mga ligal at teknikal na maniobra at palusot, isa-isang ibinasura ng mga kongresistang maka-Arroyo ang lahat ng reklamong isinampa laban kay Arroyo kaugnay ng kanyang pandaraya sa eleksyon, korapsyon at mga paglabag sa karapatang-tao.

Ilang araw bago ito, nalantad na sa simula pa lamang, tuwiran nang pina-kialaman at minaniobra ni Arroyo ang prosesong *impeachment* upang tiyaking hindi siya sasabit dito. Ibinunyag ni Corazon "Dinky" Soliman, dating kalihim ng DSWD, na may papel ang Malakanyang sa pagsampa ng isang panansala at sadyang pinahinang reklamo laban kay Arroyo sa pamamagitan ng maka-Marcos na

abogadong si Oliver Lozano. Si Arroyo mismo, ayon kay Soliman, ang nag-utos sa kanyang tauhan na si Presidential Legislative Liaison Officer Gabriel Claudio, na ipaendorso na sa maka-Arroyong kongresistang si Rodante Marcoleta ang reklamo ni Lozano.

Ang buong maruming taktika ni Arroyo ay luminaw nitong mga nagdaang araw. Kahit katawa-tawa, walang laman at hindi pasado sa mga susing ligal at teknikal na rekisito ang reklamo ni Lozano, ito pa rin ang tanging kinilala ng Justice Committee, sa palusot na nana itong naisampa nang ilang minuto bago ang iba pang reklamo. Layunin ng maniobrang ito na kaagad ibasura ang mas substantibo at mas matibay na reklamong inamyendahan mula sa mahinang orihinal na reklamo ni Lozano. Ang inamyendahang reklamo ay kumpleto sa rekisitos at inendorso ng halos 50 kongresistang kinabibilangan ng mga nasa oposisyon, mga kinatawan ng mga progresibong organisasyong *party list* at iba pang naniniwalang may malalaking krimen si Arroyo sa bayan.

At matapos kilalanin ang reklamo ni Lozano, dali-daling ibinasura ang mas matibay at tunay na reklamo at ganap na winakasan ang parlamentaryong proseso ng pag-aalis kay Arroyo sa Malakanyang.

Bago ito, pursigidong naghabol ang mga nagsusulong ng *impeachment* ng 79 na boto para iendorso ang komprehensibong kaso laban kay Arroyo upang awtomatiko na itong madala sa Senado.

Para mapigilan ito, ginamit ni Arroyo ang panunuhol, pakikipag-areglo at iba pang maruruming taktika upang makuha ang boto ng mga kongresista, paurungin ang



mga nakapirma na o makumbinsi man lamang silang di bumoto o huwag dumalo sa botohan. Ayon sa ilang kongresista, ginamit ni Arroyo ang P45 milyon Countrywide Development Fund (CDF) o "*pork barrel*" na nakalaan sa bawat kongresista, pati na rin ang P2.5 bilyon mula sa Road User's Tax upang bilhin ang kanilang boto kaugnay ng reklamong *impeachment*. Ipinangakit din ni Arroyo ang paghirang ng mga kamag-anak ng mga kongresista sa matataas na pusisyon sa guberno. Bukod pa ang mga ito sa pag-aalok ng iba't ibang pribilehiyo at pabuya sa kanyang mga loyalista at iba pang naaakit niya.

Ang pagbubuo ng malawak na nagkakaisang prente at pagsusulong ng pakikibaka sa lansangan. Inasahan ng ilang sektor at organisasyon na magsisilbing proseso sa pagpapataksik kay Arroyo ang prosesong *impeachment*. Tinugunan nila ang hamon ni Arroyo noong unang linggo ng Hulyo na sa halip na igiit ang pagbibitiw niya at idaan ang laban sa kalye ay magsampa na lamang sila ng reklamong *impeachment* sa Kongreso. Aniya, mas gusto niyang dito harapin ang kaliwa't kanang mga akusasyon ng pandaraya, panunuhol, korapsyon at pandarahas. Kaya gayon na lamang ang pagsabog ng malawakang galit ng mamamayan nang puspusang labanan ni Arroyo ang pagsulong ng *impeachment* at tuluyang ibasura ito ng maka-Arroyong Kongreso.

Ang tuluyang pagbabasura sa prosesong *impeachment* ay nagbunsod ng pagbubuo ng malawak na pagkakaisa ng mga pwersang anti-Arroyo sa ilalim ng bandila ng Solidarity Movement. Kabilang dito ang mga pambansa-demokratikong pwersa, mga pulitikong anti-Arroyo, mga pwersang maka-Estrada, mga negosyante at iba pang organisasyon at indibidwal. Pinamunuan ng Solidarity Movement nitong

Setyembre 7 ang isang malaki at militanteng pagkilos sa Metro Manila para igiit ang pagpapataksik kay Arroyo. Naglunsad rin ng mga pagkilos nitong Setyembre 7 ang Arroyo Resign Movement at BAYAN sa mga lunsod ng Iloilo, Cebu, Bacolod, Davao at Cagayan de Oro.

Bago ito, isa ring martsa ang pinangunahan ng Bukluran para sa Katotohanan sa mismong araw ng pagbabasura ng prosesong *impeachment* sa Kongreso. Ang Bukluran ay isa ring malawak na koalisyong pinamumunuan ng mga anti-Arroyong personahe tulad nina Susan Roces at dating presidenteng Corazon Aquino.

Hanggang noong Hulyo, may mga panggitnang pwersang bantulot pa na makipagkaisa sa mga pagkilos sa lansangan na pinangunahan ng mga demokratiko at progresibong pwersa, sa kabila ng sunud-sunod na malalaking demonstrasyon. Naging posible ang pagbubuo ng malawak na nagkakaisang prenteng anti-Arroyo sa harap ng pangungunyapit ni Arroyo sa poder at pagsasara ng lahat ng iba pang opsyon para sa pagsusulong ng pakikibaka para patalsikin si Arroyo. Ang tuluyang pagsasara ng parlamentaryong proseso ay hudyat sa lahat ng pwersang anti-Arroyo na magkaisa at ituon ang lakas at rekursong sa pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan sa lansangan. Bukambibig maging ng mga kongresistang nabigo sa paggigiit ng reklamong *impeachment* na ang paglaban upang wakasan ang rehimeng Arroyo ay nasa kamay na ng mamamayang Pilipino.

Sa harap ng lalo pang pagkahiwalay ng kinamumuhang rehimeng Arroyo at ng patuloy na lumalawak na pagkakaisa ng iba't

ibang sektor at organisasyon, tuluy-tuloy na sumisilang ang kundisyon upang muling sumambulat ang mga higanteng demonstrasyon ng kapangyarihang bayan o *people power*. Sa paglulunsad ng mga malawakang demonstrasyon, tinatanganan ng mamamayan ang isang sandatang may kapangyarihang wakasan ang anti-mamamayang rehimen.

Panunupil, nakaambang gamitin laban sa mamamayan. Sa kabila ng pagtanggig ng mga upisyal na tagapagsalita ng Malakanyang, tuluy-tuloy ang pamamahayag ng mga upisyal panseguridad ng gubyernong Arroyo na nanawagan para sa pagbibigay ng mala-diktador na kapangyarihan kay Arroyo.

Isinasangkalan nila ang walang awat na pagtaas ng presyo ng langis at ang gawa-gawang "banta ng terorismo."

Ipinapanakot ng Malakanyang, sa partikular, ang diumano'y "teroristang banta." Nitong nakaraang linggo,

paulit-ulit ang militar sa paglalabas ng mga "babala" ukol sa umano'y mga teroristang atake batay sa mga gawa-gawang *intelligence report*. Ang mga iyon ay kaagad na sinundan ng pagpapasabog ng isang *ferry boat* sa Basilan noong Agosto 28 na pinaniniwalaang pakana ng mga grupong may kaugnayan sa militar. Kung gaano kaitim ang balak ng rehimeng Arroyo ay mahihinuha sa mga pahayag ni National Security Adviser Norberto Gonzales tungkol sa "mga atake ngayong Setyembre" kung saan "inaasahan ang isang mayor na atake sa Metro Manila."

Lumilikha ng senaryo ang mga upisyal militar ni Arroyo tungkol sa posibilidad na ang malalaking demonstrasyon ay gagamiting target ng mga "terorista." Nais bigyang-





katwiran ng ganitong senaryo ang paghihigpit at pagsupil sa karapatan sa mapayapang pagtiti-pon ng mamamayan. Pilit ding binibigyang-matwid ni Gonzales ang paggigiit ng Malakanyang na ipasa sa kongreso ang Anti-Terrorism Bill. Nais angkinin ni Arroyo, sa pamamagitan ng panukalang batas na ito, ang malawak na karagdagang kapangyarihan upang supilin ang mga karapatang sibil ng mamamayan. Minamadali ni Arroyo ang pagsasabatas nito dahil nais niya itong gamitin laban sa mga aksyong masa at mga pagkilos ng mamamayan. Higit sa anupaman, pinakakinatatakutan ni Arroyo ang pagdaluyong ng mga protesta sa lansangan tungo sa muling pag-aalsang masang makapagpapatal- sik sa kanya.

Sa harap ng nakaambag pagsambulat ng mga higanteng demonstrasyon, nagkukumahog ang pulisya at militar sa pagha- handang ipagtanggol ang rehi- meng Arroyo. Katulad sa mga nagdaang demonstrasyon, naka- handa ang pulisya at militar na gamitin ang lahat ng paraan— mula sa pagtatayo ng mga tsek- poynt upang sabatin ang mga de- monstrador na nais pumasok sa Metro Manila, hanggang sa malu- pit na pagbubuwag ng mga de- monstrasyon—upang pigilan ang pagtiti-pon ng daan-daang libong mamamayan sa lansangan.

Subalit ang lahat ng ito'y mabibigo sa pagpigil sa mama- mayang nakahandang sumulong at lumaban. Sa pangungunyapit ni Arroyo sa poder, lalong tumi- timo sa isipan ng mamamayan na tanging direkta nila pagkilos ang mapagpasyang makapagpapatal- sik kay Arroyo. Anumang pagsag- ka ang gawin ng rehimen, patu- loy na isusulong ng mamamayan ang kanilang pakikibaka hang- gang ito'y maipagtagumpay. **AB**

ANG BAYAN Setyembre 7, 2005

Mga taktikal na opensiba sa Bulacan, Rizal at Mindoro

TATLONG sundalo, kabilang ang isang upisyal, ang napatay at anim ang nasugatan sa magkakasunod na mga taktikal na opensiba ng BHB sa Bulacan, Rizal, Mindoro at Nueva Ecija nitong Setyembre.

Sa Nueva Ecija, napatay si 2Lt. Rolly Aganon, hepe ng Reengineer- ed Special Operations Team (RSOT) ng "B" Company sa ilalim ng 71st IB nang tambangan siya nitong Setyembre 7 sa Barangay Mang- gang Marikit, Guimba, Nueva Ecija. Sakay siya ng motorsiklo papunta sa kanyang detatsment nang siya ay ambusin.

Sa Occidental Mindoro, isang sundalo ang napatay nang mata- gumpay na tambangan ng BHB ang mga tropa ng RSOT sa Barangay Fatima, Mamburao nitong Setyem- bre 4. Dalawang araw bago ito, da- lawang sundalo rin ang nasugatan nang paputukan ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng

Philippine Army sa Barangay Fati- ma.

Sa Rizal, apat na tropa ng 59th IB ang nasugatan, kabilang ang ka- nilang punong upisyal nang ambu- sin sila ng mga Pulang gerilya ng Narciso Antazo Aramil Command sa Sityo Nayon, Barangay Sta. Ines, Tanay.

Sa Bulacan, isang sarhento ng 56th IB ang napatay nang ambusin ng BHB ang isang dyip ng mga sundalo at pulis sa bayan ng San Ildefonso nitong Setyembre 1. Ru- mesponde ang mga tropa sa ulat ng CAFGU na may mga namataang gerilya sa San Rafael. Subalit bago makarating ang kaaway sa San Rafael ay pinaulanan na sila ng bala ng mga Pulang mandirigma. Sa laking galit ng mga sundalo, hinuli nila si Ferdinand Viola, isang drayber ng traysikel sa kalapit na bayan ng San Miguel, at pinarata- ngang may kaugnayan sa BHB.

2 aksyong militar, inilunsad sa Samar noong Agosto

LIMANG armas ang nasamsam sa dalawang aksyong militar na ini- lunsad ng Rodante Urtal Command (RUC) ng Bagong Hukbong Bayan sa Northern Samar noong Agosto 15.

Inianunsyo ni Ka Amado Pesan- te, tagapagsalita ng RUC na naka- kumpiska ng dalawang M16 at da- lawang .45 pistola ang mga Pulang mandirigma mula sa bahay ng mga kilalang ahente ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) at Military Intelligence Group (MIG) sa Barangay Makatingog, Paquindo District, Calbayog. Dagdag dito, nakakumpiska rin sila ng 400 bala at mga huwad at tunay na ID at papeles ng naturang mga ahente.

Matagumpay na nailunsad ang reyd nang hindi man lamang nama- malayan ng mga sundalo ng 20th IB, na nakahimpil malapit sa bahay na sinalakay.

Bago ito, nakakumpiska ang RUC ng isang .45 pistola mula sa isang mataas na upisyal ng 52nd IB sa Barangay San Pascual, Catarman.

Ayon sa RUC, ang mga aksyong militar na ito ay ganting-salakay sa walang puknat at papalakas na mga operasyong militar at pasistang terorismo ng AFP, na ang panguna- hing biktima ay mga sibilyan. Paru- sa rin ang mga ito sa mga ahensya sa paniktik ng AFP at mga baya- rang birador o *liquidation team* nito.

Mga taktikal na opensiba sa Agusan del Sur, pahina 13

Bagong bansag sa lumang pakana

Mula 2002, pinaigting ng rehimeng Arroyo ang pag-atake sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pinakahuling Internal Security Operations (ISO) Plan na binansagang Bantay Laya. Ipinalit ito sa Oplan Makabayan at Balangai matapos matasang bigo ang dalawang plano sa paghaharap sa rebolusyonaryong kilusan at iba pang armadong grupo. Bagamat nakadisenyo para sa limang taon ang bawat planong ISO, tumakbo lamang nang tigdadalawang taon ang Makabayan (1998-1999) at Balangai (2000-2001).

Ayon sa mga dokumento ng militar na nasamsam ng BHB sa mga nalipol na pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ang pangunahing layunin ng Bantay Laya ay pigilan ang paglawak ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan sa loob ng unang taon hanggang mapagpasya itong magapi sa susunod na apat na taon. May paha-

pyaw na pagbanggit sa Abu Sayyaf at iba pang teroristang grupo, gayundin sa Moro National Liberation Front (MNLF) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) bilang mga target din ng Bantay Laya. Ngunit sa kalakhan ay nakatuon ang buong plano sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at taktika laban sa Bagong Hukbong Bayan at sa rebolusyonaryong base nito sa kanayunan.

Sa pangkalahatan, walang pinagkaiba ang Bantay Laya sa mga planong "*counter-insurgency*" ng mga nagdaang rehimen. Ayon mismo sa AFP, ang Bantay Laya ay isang *modified* (niretoke) lamang na bersyon ng bigong Oplan Lambat Bitag na ipinatupad nito mula 1988 hanggang 1998. Buo ang paniniwala ng AFP na nagtagumpay ang serye ng mga operasyon ng Lambat Bitag sa pagpapahina sa rebolusyonaryong kilusan noong mga huling taon ng dekada 1990.

Sa gayon, walang bago sa Bantay Laya kundi ang mga bagong katawagan sa mga luma at inutil na estratehiya. Nariyan ang "Win-Hold-Win" na walang bagong laman kundi ang lumang kaparaanang Clear-Hold-Consolidate-Develop; ang Strategic Holistic Approach (SHA) na di nalalayo sa mga layunin at pamamaraan ng "total war" at ang estratehiya ng tuluy-tuloy na mga operasyon na naglalaman ng dating mga kaparaanan ng Oplan Lambat Bitag.

Win-Hold-Win. Pangunahing laman ng Bantay Laya ang paglulun-


sad ng mga operasyon na naglalayong paisa-isang padapain ang pinakamalalakas na baryo at erya ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. Ang mga paraan at taktika ng planong ito para sa "kontra-insurhensya" ay una nang ineksperimentuhan ng AFP sa hilagang Mindanao noong 1995 at sa Southern Tagalog noong 1998 sa balangkas ng Oplan Makabayan.

Alinsunod sa estratehiya nitong binansagang "Win-Hold-Win," nagtakda ang AFP sa antas pambansa, pinag-isang kumand (*unified command*), dibisyon at brigada ng kani-kanilang mga prayoridad na larangang gerilya at pinaplano ang paisa-isang pag-atake sa mga ito. Sa bawat antas, itinatakda ang mga target na larangang gerilya at mga pinaghihinalaang pinakakonsolidadong baryo sa loob nito para pagtuunan ng konsentradong lakas-pangkombat at buhusan ng rekursu. Inilulunsad ang konsentradong mga atake sa naturang mga baryo sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan.

Nililinis at hinahawakan ng militar ang mga prayoridad na target na baryo sa pamamagitan ng paglulunsad ng *triad operations* o mga operasyong nagkukumbina ng kombatan, paniniktik at mga operasyong sibilyan-militar.

Ang RSOT (Reengineered Special Operations Team) ang panguhaning pwersang nagpapatupad ng paglilinis at pagkokonsolida ng mga tinukoy na erya. Pangunahing tungkulin ng RSOT ang pagwasak sa mga "pampulitikang imprastruktura" at pagtatayo ng mga kontra-rebolusyonaryong organisasyon at Barangay Intelligence Network (BIN o lambat paniktik sa barangay).

Isang kumpanya sa bawat batalyon ang itinatalaga ng AFP para



sa gawaing ito. Mula sa bawat brigada na may lakas na tatlong batalyon, nagpapakat ng laking-batalyong pwersa pangunahin na para sa mga operasyon ng RSOT.

Habang isinasagawa ng RSOT ang mga operasyong sa pangunahin ay may katangiang sibilyan-militar, pumupwesto sa gilid ng mga natukoy na baryo o kulumpon ng mga baryo ang mas malaking pwersa ng brigada bilang mga pwersang panteritoryo na nagsisilbing pwersang panseguridad ng RSOT, pangunahing pwersa para sa *clearing operations* at para sa pagtugis sa mga yunit ng BHB sa lugar. Nariyan din ang mga yunit paniktik na nagbibigay ng datos sa RSOT at nagsisilbing tagasalo ng mga naitatayong BIN.

SHA. Pagpasok sa mga target na barangay, agad na ipinatutupad ang "Strategic Holistic Approach" o ang pagkukumbina ng mga operasyong pulitikal, sikolohikal, sosyo-ekonomiko, panseguridad at "*informational*" sa pinaigting na kampanyang saywar laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ang SHA, sa pangkalahatan, ay isang inutil na pagtatangkang "pahusayin" ang konsepto ng "*total war*" na paulit-ulit nang binigo ng rebolusyonaryong kilusan. Inaakala ng AFP na sa pamamagitan lamang ng panlilinlang at pakitang-taong kabaitan ay matutumbasan na ang lahatang-panig na pagharap ng rebolusyonaryong kilusan sa mga usapin ng mamamayan sa antas ng baryo.

Direktang nakapailalim sa upisina ng presidente ang mga operasyon ng SHA. Sa larangan, ipinatutupad ito pangunahin ng mga lokal na yunit ng AFP at PNP. Nakikipag-ugnayan ang AFP sa mga lokal na gubyerno para sa mas mabilis na

pagpasok nila sa mga prayoridad na baryo. Sa loob ng ilang araw, umiikot at nakikipag-ugnayan sila sa taumbaryo habang pakunwaring nagpapatupad ng mga sosyo-ekonomikong proyekto at naghahatid ng mga batayang serbisyo. Ginagamit ng AFP ang mga huwad at mapanlinlang na mga "programa para sa pag-ahon sa kahirapan" na palaging bukambibig ng rehimeng Arroyo at AFP, tulad ng CARES (Community Assistance and Rural Empowerment thru Social Services), ACCORD (Army Concern on Community Organizing for Development) at ALPS (Army Literacy Patrol System). Dati nang nabunyag ang mga pagkukunwari at korapsyon sa mga ito.



Kasabay nito, idinedeklarang mga "*zone of peace*" (sona ng kapayapaan) ang naturang mga baryo upang balaan

at pigilan ang mamamayan na makikipag-ugnayan sa BHB.

Saywar. Tampok din sa buong plano ng Bantay Laya ang pinaunlad at pinaraming tipo ng matitinding operasyong sikolohikal sa lahat ng antas at hindi na lamang sa loob ng mga eryang nilulunsaran ng mga operasyong militar.

Ayon sa ulat na nakalap ng BHB sa Visayas, iniutos ng rehimeng Arroyo noong Agosto 23, 2004 ang pagpapalaganap ng "Gabay at patakaran kaugnay ng PKP at BHB" upang ipatimo sa mamamayan na ang rebolusyonaryong kilusan ay "nagtataguyod ng terorismo" at ang PKP at BHB ay mga "teroristang organisasyon". Iniatas nito sa lahat ng mga yunit militar at magiging sa burukrasyang sibil na patindihin ang kontra-rebolusyonaryong propaganda sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga programa

sa radyo, panunuhol sa mga mamamahayag at direktang pagkontrol sa marami-raming istasyon at institusyon ng masmidya.

Tinatapot ng rehimen ang mamamayan upang tanggapin ang pinatinding panunupil. Naglulunsad ang mga operatiba nito ng mga aksyong panindak tulad ng mga pambobomba at iba pang karumdumal na krimen upang takutin ang mamamayan at gamitin ang takot na ito upang ilusot ang mga pakana at programang "kontra-terorismo." Sadya nitong pinalalaki ang mga usapin kaugnay ng teroristang grupo ng Abu Sayyaf at presensya diumano ng mga dayuhang terorista sa bansa upang lalong patindihin ang gawa-gawang banta ng terorismo sa Pilipinas.

Nagsasagawa rin ang mga operatiba nito ng mga lihim na operasyon ng pamamaslang at iba pang kahindik-hindik na krimen laban sa mga demokratiko at rebolusyonaryong organisasyon sa layuning lumpuhin, takutin at sa gayo'y pabaligtarin ang mga kilalang lider at kasapi at tukoy na mga personahe at tagasuporta ng BHB sa kanayunan.

Seryosong inilulunsad ng rehimen ang kampanyang disimpormasyon kung saan kapwa ang mga nakaraan at gawa-gawang "bagong" kahinaan ng rebolusyonaryong kilusan ay hinahalungkat at pinalalaki ng mga tagapagsalita ng AFP kako-ro ang mga taksil sa rebolusyon. Sa ilalim ng kumand ng bawat yunit ng AFP, may nakatalagang upisyal na tuluy-tuloy na nakikipag-ugnayan sa masmidya sa paglalabas ng mga paninira at saywar laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusan, kabilang ang baluktot na pagbabalita tungkol sa mga labanan sa pagitan ng AFP at BHB. **AB**

(Sa susunod na isyu: Bakit bigo at patuloy na mabibigo ang Bantay Laya?)

Paglipat ni Palparan sa CL, sinalubong ng mga protesta

Mariing tinututulan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), KARAPATAN at iba pang organisasyon ng mamamayan ang pagkakatalaga kay Brig. Gen. Jovito Palparan bilang bagong hepe ng 7th Infantry Division ng Philippine Army na nakabase sa Central Luzon. Anila, hindi sapat na ilipat na lamang sa ibang kumand ang tinaguriang "berdugo ng Mindoro at Visayas." Ang kinakailangan ay pagtutuos sa kanyang napakahaba nang listahan ng mga karumal-dumal na krimen sa mamamayan. Sa isang pahayag, sinabi ng BAYAN na walang dudang may malaking kaugnayan pa rin si Palparan sa pagpatay kay Atty. Norman Bocar, tagapangulo ng BAYAN-Eastern Visayas (BAYAN-EV). Isa umano itong ganting aksyon sa pagkakatanggal sa nasabing heneral sa Samar bilang hepe ng 8th Infantry Division.

Pinagbabaril si Attorney Bocar noong madaling araw ng Setyembre 1 sa Borongan, Eastern Samar. Kalalabas lamang niya sa kapitolyo ng Eastern Samar nang barilin siya sa ulo ng dalawang taong sakay ng motorsiklo.

Mula Pebrero hanggang Mayo nitong taon, nagkaroon ng 76 na

kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao bawat buwan o katumbas ng 17 kaso kada linggo o mahigit dalawang kaso bawat araw, ayon sa talaan ng KARAPATAN. Itinalaga si General Palparan sa Eastern Visayas noong Pebrero 10 at bago ilipat sa Central Luzon, hindi bababa sa limang militanteng lider sa EV ang pinatay, bukod pa sa maraming nasugatan.


Samantala, nangangamba ngayon ang mamamayan ng Central Luzon na ang pagkakatalaga ni Palparan sa kani-lang rehiyon ay magbubunsod ng lalong pagtindi at paglaganap ng mga paglabag sa karapatang-tao. Daragdagan pa niya ang marami nang kaso ng pananalbeyds, pagdukot, ilegal na pang-aaresto at detensyon, paghahalughog ng mga kabahayan at pagsalakay sa mga baryo.

Ayon sa BAYAN-CL, mula Enero nitong taon, limang lider at kasapi

ng mga progresibong organisasyon na ang pinatay ng mga galamay ng estado. Dagdag nito, limang aktibista ang nawawala hanggang sa ngayon.

Ayon naman sa mga delegado ng International Solidarity Mission (ISM), na nag-imbetiga nitong Agosto sa matitingkad na mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas, katakatakita kung bakit ang isang katulad ni General Palparan ay kinukunsinti, pinararangalan at itinalaga pa ni Pres. Gloria Arroyo sa mas mataas na katungkulan.

Si Palparan at Pres. Arroyo ay magkasamang isinakdal sa harap ng International People's Tribunal (IPT) at hinatulan na nagkasala sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at mga krimen laban sa sangkatauhan. Idinaos ang paglilitis ng IPT kina Arroyo at Palparan noong Agosto 19 sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City noong Agosto 19. Ang IPT ay dinaluhan ng 1,500 delegado mula sa 18 bansa at mga kinatawan ng mga organisasyong masa mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. **AB**



Pastor na tagapagtaguyod ng karapatang-tao, napatay

NAMATAY sa ospital nitong Setyembre 4 si Rev. Raul Domingo, 35, pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) at lider ng Karapatan sa Palawan, matapos siyang pagbabarilin sa Barangay San Jose, Puerto Princesa City noong Agosto 20 ng dalawang di-kilalang tao.

Mariing kinundena ng BAYAN-Southern Tagalog, Promotion of Church People's Response (PCPR) at KARAPATAN ang pagpaslang kay Reve-

rend Domingo. Binatikos din ang karumal-dumal na krimeng ito sa isang *pastoral letter* ni Bishop Eliezer Pascua, pinuno ng Southern Luzon Jurisdiction Area (SLA) ng UCCP.

Aktibo si Reverend Domingo sa pagtutol sa mga pang-aabusong militar at sa pananalanta ng mga kumpanya sa pagmimina at proyekto ng gubyrno sa ekolohiya at sa kabuhayan ng mga pambansang minorya sa Palawan. **AB**

Rene Jarque, pinarangalan ng NDFP

Nagpugay ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) kay (*ret.*) Capt. Rene Jarque na namatay sa Indonesia noong Agosto 19 sa edad na 40.

Nagpahayag ang NDFP ng lubos na pagdadalamhati sa biglaang pagkamatay ng isang tunay na patriyotikong Pilipino na laging nagsasaisip sa interes at kagalingan ng mamamayan at isang mabuting kaibigan ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at NDFP.

Ginunita ng NDFP ang ilang pagkakataong nakaugnayan nila si Rene Jarque sa ilang pagkakataong sinamahan niya ang kanyang amang si Raymundo Jarque na noo'y konsultant ng NDFP *negotiating panel* sa mga usaping militar. Tulad ng NDFP, ninais ni Rene na mabuhay nang masagana at may dignidad ang mamamayang Pilipino. Naging malapit at matulungin siya sa mga rebolusyonaryo, progresibo at patriyotikong pwersa sa Pilipinas.

Kung nagbulag-bulagan lamang ang nakababatang Jarque sa nasaksihan niyang korapsyon sa militar, mataas sana ang inabot niyang ranggo sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Nagtapos siya sa US Military Academy sa West Point, gumanap ng iba't ibang prestihiyosong tungkulin sa AFP at nagtamo ng maraming karangalan at medalya rito. Subalit pinili niyang maging kritikal sa kabulukan ng reaksyunaryong militar at guberno at sinubukan niyang manawagan para sa reporma sa pamamagitan ng kanyang mga sulatin. Hindi siya pinakinggan, at sa halip ay ginipit pa. Dagdag na salik sa panggigipit sa kanya ang pagsanib ng kanyang ama sa rebolusyonaryong kilusan noong 1995 at pagkakatalaga nito bilang tagapayo ng NDFP sa usapang pangkapayapaan noong 1997.

Sa kahuli-hulihan, napilitan si Rene Jarque na lisanin ang AFP noong 1998. May ilang taon na siyang nagtatrabaho sa Indonesia nang siya'y mamatay.

Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay, hindi nagsawa si Rene Jarque na lumaban para sa reporma sa AFP at sa buong lipunan. Tuluy-tuloy siyang naging bukas at nakipagtulungan kapwa sa mga rebolusyonaryong pwersa at sa mga ligal na patriyotiko at progresibong pwersa. Hangga't kaya ay nagbigay siya ng mga payo sa NDFP sa ikabubuti ng mamamayang Pilipino.

Walang takot at walang pagod niyang isiniwalat at binatikos ang laganap na korapsyon sa loob ng AFP, laluna sa pinakamatataas na antas ng pamunuan nito. Noong Nobyembre 2003, isa siya sa mga nagtatag sa Action Against Corruption and Tyranny Now (ACT NOW!), isang alyansa ng mga progresibong indibidwal at organisasyong masang kumukundena sa malawakang korapsyon ng rehimeng Arroyo at ng pamunuan ng AFP. Isa sa mga pangunahing diniinan ni Rene at ng ACT NOW! ang paglalantad at pagwawaksi ng kalakarang "kumbersyon" sa loob ng AFP, isang paraan para makapangupit ang mga upisyal mula sa pondo ng militar sa pamamagitan ng pakikipagkutsabahan sa mga pribadong suplayer ng AFP.

Isa sa pinakahuling isinulat ni Rene Jarque bago siya mamatay ang "*What's with the Armed Forces?*" (Ano ang nangyayari sa AFP?) noong Hulyo 25. Dito'y sinuri niya ang posibilidad na magkaroon ng positibong papel ang AFP sa nagaganap na pakikibaka para alisin si Arroyo sa poder.

Ayon sa kanya, walang maaaring asahan sa nakararaming hene-



ral at iba pang matataas na upisyal dahil ang tangi nilang interes ay ang pangungurakot at pagtatakip ng kanilang mga kasalanan, laluna ang lansakang pandarambong, malalaking krimen at mga laganap at malalalang paglabag sa karapatang-tao. Mas maaasahan, aniya, ang mga nakababatang upisyal at karaniwang tauhan dahil sila ang direktang apektado ng mga katiwalian ng guberno at ng inutil na pamunuan ng AFP. Kung papapel man ang militar sa pagpapataksik kay Arroyo at pagkakamit ng tunay na mga pagbabago sa pamahalaan, ang pinakamahusay na kumbinasyon, ayon sa kanya, ay ang pagkilos ng mga nakababatang upisyal, karaniwang mga sundalo at malawak na mamamayan, kabilang ang mga progresibo at maka-Kaliwang pwersa.

Itinuturing ng NDF na maningning na halimbawa si Rene Jarque sa kanyang pagmamahal sa bayan at paglilingkod sa sambayanan. Dapat din siyang maging halimbawa sa mas marami pang upisyal at tauhan ng AFP para ilantad ang mga kamalian sa AFP at naghaharap ng sistema at tukuyin ang nararapat gawin para sa interes ng mamamayan.

AB



Kapinsalaang dulot ng bagyong Katrina, kriminal na pananagutan ni Bush

Noong katapusan ng Agosto, hinambalos ng napakalakas na bagyong Katrina ang malaki-laking bahagi ng baybayin sa timog-silangang US. Hinagupit ng mga hanging may lakas na 256 kilometro kada oras at malalakas na alon mula sa Atlantic Ocean ang apat na estado sa baybayin ng Gulf of Mexico—ang Florida, Alabama, Louisiana at Mississippi. Maraming syudad at bayan sa baybayin ng gulpo ang nalubog sa tubig at nawasak ang mga bahay, gusali at mga imprastruktura ng transportasyon, komunikasyon, tubig at kuryente rito. Tinatayang aabot sa 10,000 katao ang namatay at may mas malaking bilang pa ang nagkasakit at nawawala. Sa kabuuan, milyun-milyong Amerikano ang direktang nasalanta.

Pinakamatindi ang pinsala sa lunsod ng New Orleans kung saan mahigit isang milyon (72% ng kabuuang populasyon) ang nawalan


ng bahay at mga ari-arian. Maaaring abutin ng tatlong buwan bago malibas ang 25 piye ng tubig na lumunod sa syudad, lalupa't kailangan munang muling maitayo at makumpuni ang nawasak na 560 kilometrong dike sa paligid ng syudad para harangin ang tubig mula sa sumasalikop ditong Gulf of Mexico, Mississippi River at Lake Pontchartrain. Pawang mas mataas nang anim hanggang pitong piye ang mga ito kaysa sa lebel ng syudad.

Tuwiran ang kriminal na pananagutan ni Pres. George W. Bush sa pagkawasak ng mga dike at pagkakalubog ng syudad na nagdulot ng napakalaking pinsala sa mamamayan. Mahigit sampung taong nagbabala ang mga eksperto na malaking trahedya ang naghihintay sa New Orleans kung hindi kukumpunihin at itataas ang mga dike sa palibot nito. Kaya noon pang 1995 ay naisabatas na ang 20-taong programa para sa isang sistema ng pagkontrol sa baha. Subalit hanggang 2003, mahigit pang 30% ng proyekto (\$250 milyon) ang di nakukumpleto. Aabot na sa 80% ng pondo para sa programa ang kinaltas ni Bush upang mapalaki ang badyet sa pambansang seguridad at sa gera ng US sa Iraq at Afghanistan. Noong Setyembre 2004, tahasang sinabihan ni Bush ang mga namamahala sa proyekto na "huwag

nang gumawa ng mga bagong plano at huwag nang humingi ng karagdagang pondo para sa proyekto." Para sa 2005, \$22.5 milyon ang kinailangan ng proyekto pero \$3.9 milyon lamang ang gustong ibigay ni Bush, sa kabila ng pagpaya ng kongreso na gawin itong \$5.5 milyon. Para sa susunod na taon, kakarampot na \$2.9 na lamang ang inilaan ng gubyernong Bush para rito.

Responsibilidad rin ni Bush ang lubhang huling pagkilos ng pambansang pamunuan ng US para sumaklolo sa mamamayan ng mga lugar na nasalanta ng bagyo. Bagamat maaga pa'y natiyak na ang pagdating ng bagyo, walang anumang ginawang paghahanda ang gubyerno. Inabot ng apat na araw bago nakakilos ang gubyernong Bush. Kahit matindi at malawak na ang kapinsalaan, wala pa ring may ayos na probisyon para sa kagyat na pagsaklolo, maramihang ebakwasyon, temporaryong masisilungan, transportasyon at paunang lunas, laluna para sa mahihirap na walang magamit na sasakyan para makalayo agad sa mga lugar ng sakuna. Nagsikalas o di na nakakilos ang lokal na pulisya at laganap ang kaguluhan.

Dahil sa kawalang paghahanda, umabot sa 200,000 tao ang basta na lamang isiniksik sa isang istadyum nang walang probisyon para sa pagkain, inumin, palikuran at iba pang saligang pangangailangan. Libu-libo pa ang ilang araw na nasukol sa iba't ibang lugar nang walang makain at walang tuyong damit. Apat na araw ang lumipas bago napadalhan ng kaunting pagkain ang mga bakwit. Walang ka-



sinsamang pagdurusa ang kanilang dinanas.

Lubhang huli rin at inabot nang anim na araw bago nakarating ang National Guard, ang pangunahing ahensya na may tungkuling tumugon sa malalaking sakuna at tumulong sa pagsaklolo, ebakwasyon at paunang lunas. Ayon sa lokal na kumand ng National Guard, hirap silang tumugon dahil sa kulang na kulang ang pwersa nila. Mahigit 80,000 ng kanilang pwersa ang nakikipagpera sa Iraq at Afghanistan. Aabot sa 40% ng Mississippi National Guard at 35% ng Louisiana National Guard ang kasalukuyang nasa Iraq.

Hinubaran ng bagyong Katrina ang pangit na mukha ng imperyalistang lipunan sa US. Nalantad sa pangyayaring ito kung paanong ang pinakamayaman at pinakamakapangyarihang bansa sa daigdig ay walang ginawa sa gitna ng napakalaking kalamidad sa sariling bakuran at nagpabaya na hagupitin ng mga natural at panlipunang kalamidad ang napakaraming dukhang mamamayan.

Ang kalakhan (mahigit 67%) ng mamamayan sa mga napinsalang lugar ay mga African-American na kabilang sa pinakamahihi-rap sa US.

Habang nakalikas ang mga masangat sa kabuhayan, ang mga mahihirap na ito ang bumubuo sa mayorya ng mga biktimgang nagutom, nagkasakit at nawalan ng mga mahal sa buhay. Pinatingkad ng pangyayari ang makauri at rasistang diskriminasyong malaon nang umiral at tumitindi sa US.

Para mapagtakpan ng gubyr-nong Bush ang mga kapabaya-an at kasalanan nito sa mamamayan, pinigilan nito ang paglalabas ng mga balita na nagdiriin sa mga paghihi-rap ng mga biktima ng bagyo. Sa halip, ang sadyang pinalalaki sa masmidya ay ang umano'y mga pagnanakaw ng ilang indibidwal, laluna ng mga desperadong African-American. Naglabas ng "*shoot-to-kill order*" ang gubyerno ng US kahit pa napilitan lamang magnakaw ng mga bote ng tubig at kaunting makakain ang mga African-American dahil walang anumang

nailaang pagkain at maiinom na tubig ang gubyerno para sa kanilang mga pamilyang nagkakasakit na at nagugutom.

Ginamit ni Bush at mga lokal na upisyal ng New Orleans ang desperasyon ng mga biktima at pangkalahatang kaguluhan upang ipailalim sa kontrol ng militar ang buong syudad. Noong unang mga araw, pinigilan nila kapwa ang paglabas at pagpasok ng mamamayan sa New Orleans, kabilang ang mga myembro ng Red Cross at iba pang institusyong panaklolo.

Napabulaanan lalo ang anumang pagkukunwari ng imperyalistang gubyerno ng US na itinatanguyod nito ang interes ng mamamayang Amerikano maging sa mga aktibidad nito sa labas ng bansa tulad ng pakikipagpera laban umano sa "terorismong nagbabanta rin sa mamamayang Amerikano." Ang mas malaking prayoridad na ibinigay nito sa panggegera at panghihimasok sa ibang bayan ay nagpakita ng ganap na kawalan ng pagmamalasakit ng gubyerno sa sarili nitong mamamayan. **AB**

Cuba: Modelo ng paghahanda laban sa bagyo

NOONG Setyembre 2004, hinagupit ng bagyong Ivan ang Cuba. Ang bagyong Ivan ang ikalimang pinakamalakas na bagyong tumama sa rehiyong Caribbean. May lakas itong 198 kilometro bawat oras.

Bago pa man tumama si Ivan, nailikas na ng gubyrnong Fidel Castro ang 1.5 milyong Cubano, o halos 15% ng buong populasyon, sa ligtas na lugar. Sa unang tatlong oras ng bagyo, mahigit 100,000 katao na ang nailipat. Sistematikong nailikas pati ang mga alagang hayop at mahahalagang kagamitan. Karamihan sa mga inilikas ay maluwag na tinanggap sa mga tahanan ng mga kababayan nila. Aabot sa 20,000 bahay ang nawasak ngunit walang namatay ni isang mamamayan. Kahanga-hanga ang programa para sa ebakwasyon at pangkabuuang paghahanda ng Cuba kaya itinuturing itong modelo ng United Nations at International Red Cross.

Bahagi ng programa para sa depensang sibil ng Cuba ang paghahanda para sa mga bagyo at iba

pang natural na sakuna. Kolektibo itong pinaghahandaan ng mga komunidad. Kapag kinakailangan, sistematikong ipinatutupad ang organisadong paglikas tungo sa mga nakahandang temporaryong tirahan. Kasabay nilang lumilikas ang mga doktor na nakatalaga sa kani-kanilang komunidad upang matiyak na nabibigyan ng sapat na atensiyong medikal ang lahat ng mga bakwit. Tinitiyak naman ng pambansang pamunuan na sapat ang suplay ng pagkain at tubig sa mga temporaryong tirahan at sentro ng ebakwasyon.

Kahit may malaking sakunang tumatama sa Cuba, hindi na kailangang magpataw ng *curfew* at iba pang hakbangin para kontrolin ang galaw ng mamamayan. Walang nangyayaring karahasan at malawakang pagnanakaw at mahinahong hinihintay ng lahat ang pagtatapos ng bagyo. Organisado nilang pinagtutulungan ang pag-aayos ng kanilang mga komunidad makaraan ang kalamidad. **AB**



Mga bwitreng kumpanya ng langis


Animo'y mga bwitre ang mga monopolyong kumpanya ng langis sa bilis ng pagsagpang ng mga ito sa malaking dislokasyon at kapinsalaang idinulot ng bagyong Katrina sa timog-silangang baybayin ng US. Sa amoy pa lamang ng paparating na sakuna at laluna sa aktwal na paghambalos ng bagyo, agad na sinagpang ng mga kumpanyang ito ang pagkaka-taon upang manipulahin ang suplay at presyo ng langis hindi lamang sa US kundi sa buong mundo at magkamal ng limpak-limpak na sobrang tubo.

Sa tindi ng mga hagupit ni Katrina, pansamantalang natigil ang kalakhan ng pagmimina at pagrerepina ng mga monopolyong kumpanya ng langis na nakapwesto sa Gulf of Mexico. Gayunpaman, aabot lamang sa 10% ng kabuuang produksyon at suplay ng langis ng US ang naapektuhan. Sa kabila nito, kagyat na itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng gasolina nang mahigit 25% sa buong bansa. Mula \$2.40/galon (P35/litro), umaabot na sa mahigit \$3/galon (o P44/litro) ang presyo ng gasolina sa US. May mga

bahagi ng US kung saan umabot na sa \$5/galon (o P74/litro) ang gasolina.

Kung limitado ang kagyat at direktang epekto ng bagyo sa produksyon ng langis sa Gulf of Mexico sa US, di hamak na mas limitado ang epekto nito sa suplay ng langis sa buong mundo. Umaabot lamang sa 0.65% ang bahagi ng pandaigdigang suplay ng langis na nagmula sa Gulf of Mexico ngunit dahil sa malakas na ispekulasyon at manipulasyon ng mga kumpanya ng langis, umabot ng hanggang \$70.80/bariles—o karagdagang \$4.67/bariles—ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan!


Isang linggo bago pa man makarating ang bagyong Katrina, itinigil na ng mga monopolyong kumpanya ng langis ang produksyon sa Gulf of Mexico bilang paghahanda sa hagupit nito. Kapalit nito, dinagdagan nila ang produksyon ng langis mula sa California at



nag-imbak pa ng dagdag na krudong langis na inangkat mula sa ibang bansa. Ang sinasabing kaka-pusan na idinadahilan nila sa pinakahuling pagsirit ng presyo ng gasolina ay artipisyal nilang nilikha. Sa halip na disiplinahin ang mga kumpanya ng langis dahil sa oportunista nilang pagpepresyo, ginantimpalaan pa sila ni Pres. George W. Bush nang iutos niya ang paglalabas ng mga reserbang langis mula sa Strategic Petroleum Reserve (SPR) ng bansa bilang "pansalo sa kakulangan sa langis." Ayon sa batas ng US, ilalabas lamang ang krudong langis ng SPR kung mayroong malaking kakulangan sa suplay o may sagka sa malayang suplay ng langis.

Hanggang noong Setyembre 3, halos 13 milyong bariles na ng SPR ang ibinigay ni Bush sa mga kumpanya ng langis sa mababang halaga. Katumbas ito ng isang buwang produksyon sa Gulf of Mexico.

Bukod rito, sa pamamagitan ng International Energy Agency ay naglaan din ng dagdag na dalawang milyong bariles kada araw o 60 milyon para sa buong buwan ng



Mga estadong sinalanta ng bagyong Katrina

Sundan sa "Bwitre..." sa pahina 13



Wala pang kasunduan upang buksang muli ang pormal na usapan—NDFP

PINABULAANAN ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na may nabuong kasunduan sa pagitan nito at ng Guberno ng Republika ng Pilipinas (GRP) para muling buksan ang pormal na usapang pangkapayapaan o magdeklara ng sabayang tigil-putukan, taliwas sa inianunsyo ng mga upisyal ng GRP nitong Setyembre 7.

Ayon sa NDFP, tumungo ang mga negosyador ng dalawang panig sa Oslo, Norway noong Agosto 28-30 para sa di pormal na pag-uusap upang talakayin ang posibilidad ng muling pagbubukas ng pormal na negosasyon.

Subalit ayon sa pinuno ng *negotiating panel* ng NDFP na si Kasamang Luis Jalandoni, nananatili pa ang mga tampok na usaping naging sagabal sa pag-usad ng usapang pangkapayapaan sa nagdaang mahigit isang taon. Bago muling mabuksan ang pormal na pag-uusap, aniya, kailangan munang maging katanggap-tanggap ang tugon ng rehimeng Arroyo sa mga usaping ito.

Pinakatampok sa mga isyung patuloy na humahadlang sa pormal na pag-uusap ang kabiguan ng rehimeng Arroyo na gumawa ng hakbangin kaugnay ng pagpapabilang ng PKP, BHB at ni Kasamang Jose Ma. (Joema) Sison sa "listahan ng mga terorista" ng US at mga susing alyado nito. Ang gayong pakikialam ng US sa mga usaping panloob ng Pilipinas ay labag sa prinsipyo ng pambansang kasarinlan na isa sa mga salalayan ng usapang pangkapayapaan.

Iginiit din ng NDFP ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at ang pagpapahinto ng mga bantang pagpatay laban sa punong abugado ng NDFP na si Romeo Capulong at sa punong konsultant pamulitika nito na si Ka Joema.

Mga rebolusyonaryong opensiba sa India, inilunsad

MATAGUMPAY na nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba ang People's War Group (PWG) nitong Agosto at Setyembre sa distrito ng Bijapur, estado ng Chhattisgarh sa silangang bahagi ng India. Ang PWG ay pinamumunuan ng Communist Party of India (Maoist), na ibayong lumakas noong 2004 nang makipagsanib ito sa Maoist Communist Centre (MCC).

Aabot sa 24 na sundalo sa ilalim ng Central Reserve Force ang napatay at ilang elementong paramilitar ang nasugatan nang pasabugan ng *land mine* ang kanilang sasakyan nitong Setyembre 4. Siyam na sundalo rin ang namatay noong Agosto nang tambangan sila ng PWG sa naturan ding magubat na distrito.

Mga taktikal na opensiba, inilunsad sa Agusan del Sur

ANIM na armas ang nasamsam, isang elemento ng CAFGU ang napatay at isa pa ang nasugatan sa tatlong armadong aksyong inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Agusan del Sur nitong Agosto at Setyembre.

Ayon sa pahayag ni Ka Cesar Renerio, tagapagsalita ng NDF-North Central Mindanao, limang armas ang nakumpiska nang disarmahan ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Jabbar Salipudan Command ng BHB sa rehiyon ang meyor at administrador ng La Paz at kanilang mga badigard nitong Setyembre 5. Sakay ng isang trak na pikap ang meyor na si Renato Nuñez, ang administrador na nanggangaalang Mordeno at kanilang dalawang eskort na pulis nang sila ay harangin sa liblib na barangay ng Osmeña. Nakumpiska sa kanila ang dalawang M16, isang Ingram *sub-machinegun*, isang .45 at isang .38.

Bago ito, isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang isnaypin ng isang tim ng BHB nitong Setyembre 2 ang detatsment ng militar sa Barangay San Pedro sa bayan ng San Luis.

Noon namang Agosto 15 ay pinarusahan ng kamatayan ang abusadong elemento ng CAFGU na si Pablito Mansigue sa Zillovia, Talcogon. Nasamsam sa kanya ang isang M16.

"Bwitre..." mula sa pahina 12

Setyembre ang 26 na bansang may produksyon ng langis.


Sa kabila ng karagdarang suplay, napakaliit lamang ng ibinaba ng presyo ng gasolina kapwa sa US at sa pandaigdigang pamilihan da-

hil itinatago lamang ng mga kumpanya ng langis ang sobra nilang imbentaryo.

Dagdag pa ang manipulasyong ginawa sa "*oil futures*." (Ang "*oil futures*" ay mga kontrata ng pagbili o pagbenta ng langis batay sa ispekulasyon ng presyo nito sa isang

takdang panahon sa hinaharap.)

Dahil sa laki ng ganansya ng mga kumpanya ng langis sa harap ng mga dislokasyong idinulot ng bagyo at manipulasyon sa suplay at presyo, tumaas nang 25% ang halaga ng mga sapi ng mga kumpanyang ito sa *stock market*. **AB**

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVI Blg. 17
Setyembre 7, 2005
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Isulong ang pakikibakang masa at armadong pakikibaka para sagkaan ang pasistang pandarahas ng rehimeng Arroyo



Inaasahan ang pag-igting ng pakikibakang anti-Arroyo matapos walang pakundangang patayin ng mga alipures ng rehimen sa kongreso ang proseso ng *impeachment*. Tuluyan nang pinatay ngrehimen ang anumang pag-asang may makakamit pang katarungan sa mga prosesong parlamentaryo.

Pinakitid lamang ng mga maniobra ni Arroyo ang larangan ng labanan. Itinuro ng pinakahuling pangyayari sa kongreso na walang maasahang pagbabago o hustisya mula sa bulok na kalakaran dito at marapat lamang na sumandig ang mamamayan sa sariling lakas. Itinuturo rin nito na marapat nang dalhin sa lansangan ang laban para doon na hatulan at tuluyang patalsikin si Arroyo.

Pinangangambahan ngayon ng rehimen ang malilikhang daluyong ng mamamayang nagngangalit laban sa pagmamatigas at mga garapalang maniobra ng rehimen upang makapanatili sa poder. Kaya nakaumang na rin ang paggamit nito ng kamay na bakal upang supilin ang mga pwersang anti-Arroyo.

Noon pa mang Hulyo ay isiniwalat na ng sampung nagbitiw na myembro ng gabinete ni Arroyo na napag-uusapan na sa gabinete ang paggamit ng dahas laban sa mga kalaban ni Arroyo. Mula nang magbitiw ang sampu, dominado na ng mga militarista at berdugong tulad nina Executive Secretary Eduardo Ermita at National Security Adviser Norberto Gon-

**Mga tampok sa
isyung ito...**

**Mas malalawak
na protestang
anti-Arroyo**

PAHINA 3

**Rene Jarque,
pinarangalan ng NDFP**

PAHINA 9

**Kriminal na
pananagutan ni Bush**

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com